Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-03
SERYE NG 2016

KAPASIYAHAN PARA SA PROYEKTONG "SUMMIT SA WIKA NG KALIKASAN AT KALIGTASAN"

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, ang batas na lumilikha sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na tungkulin ng KWF sa pagbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, iniaatas pa ang pagtawag ng alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang proyektong "Summit sa Wika ng Kalikasan at Kaligtasan" na tatlong araw na pagtitipon ng iba't ibang pangkat etnolingguwistiko ng Filipinas upang maibahagi ang mga katutubong kaalamang kaugnay ng kalikásan at kaligtasan;

IPINAPASIYA pa, na layunin nitong makalikha ng magandang ugnayan ang iba't ibang pangkat etnolingguwistiko para sa nagkakaisang kilos at boses hinggil sa diskursong pangkalikásan at pangkaligtasan, makabuo ng kamalayang pambansa hinggil sa kalikásan at kaligtasan, at makabuo ng glosaryo ng mga katutubong salitâng kaugnay ng kalikasan at kaligtasan.

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ng pondong PHP2,888,788.50 para sa pagpapatupad ng gawaing ito sa Oktubre 2016, at ipamamahala din ang ganap na pagpapatupad ng proyekto sa Lupong Tagapagpaganap ng KWF;

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan ng mga Komisyoner na ginanap ngayong 14 Marso 2016 sa KWF Silid Pulungan, 2P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO
Tagapangulo

KOM. PURIFICACION G. DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
-03

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad